# KAPASIYAHAN BLG. 2023-65

**"HUMIHILING SA LAHAT NG MGA MAMUMUHUNAN SA BAYAN NG BUSTOS NA PATUGTUGIN ANG OPISYAL NA MINASA FESTIVAL THEME SONG SA LOOB NG ISANG LINGGONG SELEBRASYON NG NASABING KAPISTAHAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Leo T. Santos**
*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Kalakalan at Industriya**
**At**
**Lupon ng Sining Kultura at Turismo**

*Akda ni:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**
*Tagapangulo*
**Lupon ng Sining Kultura at Turismo**

---

**SAPAGKA'T,** nakasaad sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, nararapat na palakasin at payabungin ang kultura ng bawat bayan;

**SAPAGKA'T,** makadadagdag sa kasiyahan ng pagdiriwang ng taunang Minasa Festival tuwing Enero ang pakikilahok at pakikiisa ng mga mamumuhunang nagmamay-ari ng mga pangkalakalang establisyemento sa pamamagitan ng pagpapatugtog ng opisyal na theme song ng pista sa nasabing isang linggong pagdiriwang;

**SAPAGKA'T,** ang pagsuporta ng mga mamumuhunan sa Minasa Festival ay makatutulong na mapaunlad ang turismo at hanapbuhay sa ating dakilang bayan ng Bustos;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. LEO T. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na magalang na hilingin sa lahat ng mamumuhunan sa bayan ng Bustos na patugtugin ang opisyal na theme song ng Minasa Festival during sa loob ng isang linggong pagdiriwang ng nasabing pista.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-20 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-20 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim